...g Pilipina
...n ng Kabite
...g Heneral Trias

TA... NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-17 NG AGOSTO 1992 SA BULWAGANG BARANGAY NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Dencito P. Campana ......... | Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo |
| Kgg. Ruben M. Parani ............ | Kagawad |
| Kgg. Hernando M. Granados ....... | Kagawad/Minority Floor Leader |
| Kgg. Danilo D. Alcaraz .......... | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin ........ | Kagawad |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio ..... | Kagawad |
| Kgg. Cornelio A. Grepo .......... | Kagawad/Majority Floor Leader |
| Kgg. Cesar R. Bauzon ............ | Kagawad |
| Kgg. Abelardo S. Parani ......... | Kagawad |

MGA DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ricardo T. Borgonia ........ | Kagawad/ABC Pres. |

## KAPASIYAHAN BLG. 35A92

Sa mungkahi ni Kag. Cornelio A. Grepo na pinangalawahan ni Kag. Hernando M. Granados, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang kautusan na nagtatakda ng paggagawad ng linya o prankisya para sa mga de-motor na tricycle at nagtatakda rin ng mga alituntunin at kaukulang parusa sa mga paglabag dito at iba pang mga bagay alingsunod sa mga itinatadhana ng Seksiyon 447 (3) (VI) ng bagong Local Government Code at ito ay makikilala na KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 4-92 at mababasa gaya ng mga sumusunod:

## PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 4-92

ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN O ORDENANSA NA NAGTATAKDA NG PAGGAGAWAD NG LINYA O PRANKISYA PARA SA MGA DE MOTOR NA TRICYCLE AT NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN AT KAUKULANG PARUSA SA MGA PAGLABAG DITO AT IBA PANG MGA BAGAY ALINSUNOD SA MGA ITINATADHANA NG SEKSYON 447 (3) (VI) NG BAGONG LOCAL GOVERNMENT CODE.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Artikulo I - Pamagat o Titulo ng Ordenansa -

Pangkat 1. - Ang ordenansang ito ay tatawaging Pambayang Alituntunin sa pamamasada ng mga Tricycle na de motor sa bayang ito.

Artikulo II - Pagtatatag ng "Tricycle Franchising Regulatory Committee", komposisyon at tungkulin nito -

Pangkat 2. - Sa bisa ng ordenansang ito ay itinatatag ang "Tricycle Franchising Regulatory Committee" (TFRC) na bubuuin ng isang Chairman at tatlong kasapi. Ang Chairman at at dalawang kasapi ay sinuman sa mga

RODOLFO P. SATSATIN
ABELARDO S. PARANI
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO

kagawad ng Sangguniang Bayan na kanilang pipiliin at ang ikaapat na kasapi ay ang Ingat-Yaman ng bayan.

Pangkat 3. - Ang "Tricycle Franchising Regulatory Committee" ay binibigyan ng kapangyarihan na siyang mangasiwa sa paggagawad ng prankisya sa mga operator ng tricycle na de motor, bagama't ang anumang paghahabol ukol doon ay maaaring iharap sa Punong Bayan.

Artikulo III- Pangangailangan ng Prankisya -

Pangkat 4. - Ang lahat ng nagmamay-ari ng pampasadang tricycle na de motor sa bayang ito ay dapat kumuha, hindi lamang ng kinakailangang "Mayor's Permit" kundi higit sa lahat ay ng kaukulang prankisya bago sila makapamasada.

Pangkat 5. - Ang maaari lamang bigyan ng prankisya ay ang mga naninirahan sa bayang ito.

Artikulo IV - Mga kailangan sa pagkuha ng Prankisya -

Pangkat 6. - Sa pagkuha ng prankisya ay dapat na ang may-ari ng tricycle ay maghain ng kaukulang kahilingan o application sa Tricycle Franchising Regulatory Committee.

Pangkat 7. - Ang kahilingan ay dapat lakipan ng kopya ng Certificate of Registration (CR) ng Tricycle at ng kopya ng Official Receipt (OR) sa pagkakapagbayad ng rehistro ng tricycle at kopya ng anumang dokumento na nagpapatunay na ang aplikante ay isang Pilipino. Ito ay maaaring Birth Certificate, Voter's ID o kaya ay affidavit ng dalawang tao na nagpapatunay na siya ay Pilipino o kaya ay sertipikasyon ng Punong Bayan o Barangay Captain na ang aplikante ay isang Pilipino.

Pangkat 8. - Bukod sa mga pangangailangang binanggit ay kailangan din magharap ang sinumang aplikante ng Bgy. Clearance na ang aplikante ay isang mabuting tao at may mabuting pag-uugali, medical certificate, kopya ng insurance ng tricycle at sertipikasyon ng Mun. Engineer o sinumang opisyal ng bayan na pipiliin ng Sanggunian na ang papatotoo na ang sasakyan ay "road worthy".

Pangkat 9. - Para sa mga may linya na kinuha sa Land Transportation Franchising & Regulatory Board (LTFRB) ay dapat silang kumuha ng "Clearance" doon na ilalakip din sa aplikasyon.

Artikulo V - Mga dapat bayaran -

Pangkat 10.- Sa sandaling maghain ng kahilingan ay magbabayad ang aplikante ng sumusunod na mga halaga:

RODOLFO P. SATSATIN
ABELARDO S. PARANI
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO

(a) Para sa Filing Fee ...... ₱150.00
(b) Para sa Leagal Research
    Fund Fee ................ ₱ 10.00
(k) Para sa Certification ... ₱ 10.00

Pangkat 11. - Ang aplikante o franchise holder ay magbabayad din taon-taon tuwing bago dumating ang ika-20 ng Enero ng halagang ₱30.00 para sa Mayor's Permit at halagang ₱40.00 bilang supervision fee tuwing bago matapos ang buwan ng Setyembre. Ang hindi pagbabayad ng naulit ng mga halaga sa taning na panahon ay papatawan ng multang 50% ng halagang dapat bayaran.

Artikulo VI - Mga alituntunin -

Pangkat 12. - Ang alimmang pamasadang tricycle ay dapat lamang ipamasada o gamitin sa pagpapasada sa mga lansangan at rotang nakatakda o ibinigay sa kanila at hindi iyon maaaring gamitin o gumamit ng mga lansangang nasyonal o national highway maliban sa pagbagtas o pagtawid doon.

Pangkat 13. - Walang driver na maaaring magpasada o magmaneho ng tricycle kung siya ay walang kaukulang Professional Drivers License.

Pangkat 14. - Ang driver/operator ay dapat sumunod sa mga kautusan at alintuntuning itinakda rito at sa lahat ng mga batas trapiko at mga regulasyon na may kinalaman sa pagpapatakbo ng mga sasakyang de motor.

Pangkat 15. - Sa loob ng tatlumpong (30) araw simula sa pagtanggap ng kaukulang prankisya ay dapat na irehistro ang tricycle bilang pamasada (for hire) sa Tanggapan ng Land Transportation Office na kung saan ang tricycle na iyon ay nakarehistro.

Pangkat 16. - Ang pasahe na dapat singilin ng driver/operator sa mga pasahero ay halagang ₱1.75 para sa unang isang kilometro at may dagdag na ₱0.50 sa bawat susunod na kilometro, maliban kung ang taripang ito ng pasahe ay baguhin sa Sanggunian pagkatapos na iyon ay magkaroon ng "Public Hearing" sa kahilingan ng sinumang interested party o ng samahan.

Pangkat 17. - Ang Special Authority (SA) o prankisya ay may bisa sa loob ng dalawang (2) taon simula sa pagkakuha nito at iyon ay maaaring ipagpatuloy o ma-renew pagkaraan ng naulit na taning kung sa pasiya ng Tricycle Franchising Regulatory Committee (TFRC) ay maaaring iyong ay ma-renew. Ang kapasyahan ng TFRC ukol doon ay maaaring ipaghabol sa Punong Bayan.

Pangkat 18. - Kung walang kaukulang pagpapatibay (approval) ang TFRC, ang driver/operator ay hindi pinahihintulutang magdagdag, maglipat o mag-alis ng tricycle at hindi rin siya pinahihintulutang tumigil sa o iwanan ang pagmamaneho (abandonement) o

RODOLFO P. SATSATIN
ABELARDO S. PARANI
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO

pamamasada. Kung gagawin niya ang alinmang sa mga iyon ng walang pahintulot ang TFRC ay maaaring kanselahin ang linya o prankisya at mawawalan na siya ng karapatan na bigyang muli ng prankisya.

Artikulo VII - Iba pang mga alituntunin -

Pangkat 19. - Lahat ng sidecar ng pamasadang tricycle ay dapat magkaroon ng tinatawag ng "color coding" sang-ayon sa ibibigay o ia-assign sa kanila ng TFRC.

Pangkat 20. - Ang lahat ng tricycle driver/operator ay dapat magkabit sa kanilang side car ng plaka galing sa munisipyo bukod pa sa plaka ng galing LTO.

Artikulo VIII- Transitory Provisions -

Pangkat 21. - Sa sandaling mapagtibay ang kautusang ito, ang TFRC ay mag-iimbentaryo ng dami ng tricycle sa bayang ito, kaya ipinag-uutos sa lahat na may pamasadang tricycle na sila'y magreport kaagad sa TFRC upang sa paggagawad ng prankisya sa mga kinauukulan ay mapabilang sila sa mga dapat bigyan.

Pangkat 22. - Pagkatapos ng imbentaryo ng mga tricycle, ang TFRC ay gagawa ng masusing pag-aaral upang tiyakin ang bilang ng tricycle na dapat ipamasada sa bayang ito upang iyon ay irekomenda sa Sangguniang Bayan at makapagpasiya naman ito ukol sa kung ilan ang dapat na pahintulutan na makapamasada at upang sa gayon ay mabigyan ng proteksyon, hindi lamang ang mga pasahero o "riding public" kundi gayon din ang mga may-ari ng tricycle sa pamamaraang hindi naman sila malulugi sa kanilang pamumuhunan sa pagkabili ng tricycle.

Pangkat 23. - Pagkatapos din ng naulit na imbentaryo at maitakda ng Sanggunian ang bilang ng mga tricycle na dapat mamasada ay itataning ang takdang panahon na dapat mag-report ang mga may-ari ng tricycle ukol sa kanilang pagkakaroon ng prankisya. Kung sa loob ng naulit na taning ay hindi sila makapag-report at nagkataon na ang takdang bilang na dapat mabigyan ng prankisya ay napunan na at hindi na maaaring magdagdag pa ang TFRC ng maibibigay na prankisya sa susunod pang aplikante.

Artikulo IX - Parusa sa mga paglabag -

Pangkat 24. - Ang sinumang lalabag sa mga alituntuning nakasaad sa kautusang ito ay parurusahan ng multa ng ₱500.00 o pagkabilanggo ng hindi bababa sa limang (5) araw o magkasamang parusa ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
RODOLFO P. SATDATIN
ABELARDO S. PARANI

Artikulo X - Pagkakabisa -

Pangkat 25. - Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

Pinagtibay, Agosto 17, 1992.
Magkakabisa, Agosto 24, 1992.

SAPAGKA'T, sa Local Government Code, Seksyon 447, (3) (VI), ang pamahalaang bayan ay may karapatan na magbigay ng kaukulang linya o prankisya para sa mga Tricycle na de motor;

SAPAGKA'T, ang pagtatatag ng Tricycle Franchising Regulatory Committee ay lubhang kailangan upang siyang mangasiwa sa pagagagawad ng prankisya sa mga may-ari o operator ng tricycle na de motor;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Hernando M. Granados na pinangalawahan ni Kag. Rodolfo P. Satsatin, na

KAPASIYAHAN BLG. 36-92

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang pagtatatag ng TRICYCLE FRANCHISING REGULATORY COMMITTEE at ito ay bubuuin nina:

| | |
|---|---|
| Kag. Cornelio A. Grepo | - Tagapangulo |
| Kag. Hernando M. Granados | - Kagawad |
| Kag. Cesar R. Bauzon | - Kagawad |
| Treas. Martiniano de Guzman | - Kagawad |

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

SAPAGKA'T, sa isang liham na tinanggap ng Sangguniang Bayan mula sa Dept. of Budget and Management ay kanilang ipinagbibigay-alam na bilang pag-alinsunod sa Executive Order No. 503, ang pagsasakatuparan ng Seksyon 17 na napapaloob sa R. A. No. 7160 o ang Local Government Code of 1991, na ang Local Gov't. Budget Officers Services ay kanilang inililipat sa pamahalaang lokal mula pa noong buwan ng Hulyo, 1992;

SAPAGKA'T, ang pagsasalin ng mga posisyon sa pamahalaang lokal ay isang kautusan na dapat tupdin batay sa batas na ipinalabas sa Local Gov't. Code of 1991;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Cornelio A. Grepo na pinangalawahan ng lahat, na

KAPASIYAHAN BLG. 37-92

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang pagsang-ayon ng pamahalaang lokal na tinatanggap ang paglilipat/pagsasalin ng posisyon ng Budget Officer sa katauhan ni G. Amador Vizmanos sa pamahalaang bayan.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

RODOLFO P. SATSATIN
ABELARDO S. PARANI
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO

8 SAPAGKA'T, ang pagpapagawa ng garbage depot, paglilipat ng water pump at rehabilitasyon ng kanal sa pamilihang bayan ay nagkaroon na ng ilang pagdinig mahabang talakayan at masusing pag-aaral ang Lupon at buong Sanggunian;

KUNG KAYA'T, iminungkahi ni Kag. Bienvenido M. Custodio na pinangalawahan ni Kag. Rodolfo P. Satsatin, na

**KAPASIYAHAN BLG. 38-92**

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na gumawa ng isang Ordenansa na naglalaan ng halagang ₱150,000.00 na kukunin sa alinmang pondo na di pa nailalaan sa anumang gastusin para sa pagpapagawa ng garbage depot, paglilipat ng water pump at pagpapaayos ng kanal sa pamilihang bayan at ito ay makikilala na Ordenansa sa Laang-Gugulin Blg. 5-92 at mababasa gaya ng sumusunod:

**ORDENANSA SA LAANG-GUGULIN BLG. 5-92**

ISANG ORDENANSA NA NAGLALAAN NG HALAGANG ₱150,000.00 NA KUKUNIN SA ALINMANG PONDO NA DI PA NAILAAN SA ANUMANG GASTUSIN PARA SA PAGPAPAGAWA NG GARBAGE DEPOT, PAGLILIPAT NG WATER PUMP AT PAGPAPAAYOS NG DALUYAN NG TUBIG SA PAMILIHANG BAYAN NG BAYANG ITO.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1. - Na ang halagang ₱150,000.00 ay mailaan para sa pagpapagawa ng garbage depot, paglilipat ng water pump at pagpapaayos ng daluyan ng tubig sa Pamilihang Bayan ng Hen. Trias, Kabite

Pangkat 2. - Na ang ordenansang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

DENCITO P. CAMPAÑA
Pang.Punong Bayan
Tagapangulo

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim

PINAGTIBAY:

TEOFILO G. GREPO
Punong Bayan

RODOLFO P. SATSATIN
ABELARDO S. PARANI
DANILO D. ALCARAZ
CESAR R. BAUZON
HERNANDO M. GRANADOS
CORNELIO A. GREPO
RUBEN M. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO